# Philippine Biblical Worldview Institute
## Certificate in Christian Ministries

# Lifestyle Evangelism ©

Conrad Jun Tolosa

Revised March 14, 2020

### LE206. Ang Evangelist bilang Tentmaker

Si Apostle Paul, bago siya naging missionary, ay nakapaglaan na ng maraming taon sa pag-aaral ng Banal na Kasulatan; at siya rin ay isang tentmaker by trade. Para sa ating mga Pilipino na nais maglingkod sa Diyos as a kingdom builder, si Apostle Paul ang dapat nating tularan: hasa sa salita ng Diyos at mayroong marketable skill. Kaya naman, siya ay nakapagtratrabaho kung kinakailangan. Mahirap nang maging totally dependent sa isang mission agency o sa isang church group. Hindi natin alam kung hanggang kailan ang katatagan ng kanilang kakayahan dahil sila ay dependent din sa mga supporters nila. At lalong mahirap kung sasabak sa full-time ministry na walang matatag at sapat na long-term financial support at walang trabaho. Dapat bigyang pansin ang limitations o boundaries na inilalagay ng Lord sa ating buhay nang sa ganoon ay huwag maghirap nang hindi kailangan.

Para sa ating panahon, ang ideal situation para sa isang kingdom building enterprise ay ang makapagtatag ng isang organisasyon na binubuo ng ilang matatapat at experiensadong disciple-makers na hindi na kailangang umasa sa month-to-month fund raising. Ang mga leaders na ito ay mahuhusay na teachers, trainors at may kakayahang mag-equip ng mga future disciple-makers at tentmaker-evangelists. Kailangang mga tentmakers ang dini-disciple nang sa ganoon ay hindi sila maging burden sa iba.

Ang lahat ng mga believers ay nararapat na disciple-makers, whether directly or indirectly. Kapag gifted na teacher or a bold witness, magaling na mag full-time sa gawaing ito. Yun nga lang, kailangan muna na may marketable or trade skill para may fall back plan siya. kung ito ang plano ng Lord sa kanya, sa ganoon para makapagbigay support din siya sa ibang kamanggagawa na nangangailangan ng alalay; tulad ng ginawa ni Apostle Paul. Maaari tayong maging kabahagi ng isang gawaing pang mission through prayer, giving or promoting.

Kung ang isang believer ay lumaki sa Christian home, mabuti na hikayatin siya agad na mag full-time. Ibig sabihin, pagkatapos ng high school, bible school muna bago ano pa man; kahit isang taon lamang. Mas mainam na ito kaysa derecho agad sa college, trade school o tech school. Mabigat na kalaban ang mundo at mga sistema nito para sa mga young people ng Diyos. Kailangan muna nilang magpalago ng wisdom and discernment.

Ang isang believer ay na-*save* nang may edad na at may trabaho ay hindi kinakailangan ang mag-resign para mag full-time sa ministry, kahit may nararamdaman siyang burden. Maraming lessons in life ang planong ituro sa kanya ng Lord sa kanyang present situation.

Huwag nating kalimutan na ang buong mundo ang ating mission field. Kaya kung saan ka nakaranas ng pagkabuhay muli kung ano ang kalagayan mo ng ma born again ay dapat doon ka magsimulang maglingkod sa Panginoon, sa iyong workplace; sa iyong neighborhood; sa iyong circle of friends.

## I. Multiple choice

1. Ano ang alam na trade ni Apostol Pablo?
    a. House builder
    b. Tentmaker
    c. Fisherman

2. Bakit dapat tularan si Apostle Paul ng mga tao na nais maglingkod sa Diyos?
    a. Sapagkat si Paul ay hasa sa salita ng Diyos at mahusay magdiscurso.
    b. Sapagkat si Paul ay hasa sa salita ng Diyos at magaling manghikayat ng iba.
    c. Sapagkat si Paul ay hasa sa salita ng Diyos at may marketable skill.

3. Ang isang taong naglilingkod sa Diyos ay dapat may kakayahan din magtrabaho upang masuportahan ang kanyang sarili kung kinakailangan.
    a. True
    b. False

4. Bakit mahirap nang maging totally dependent sa isang mission agency o sa isang church group?
    a. Alam natin kung hanggang kailan at saan ang kanilang kakayahan
    b. Hindi natin alam kung hanggang kailan ang katatagan at kakayahan nila to support
    c. Dahil sila ay nahihirapan din

5. Ano ang dapat bigyang pansin ng mga evangelist sa kanilang buhay upang sila ay huwag maghirap nang hindi kailangan?
    a. Karunungan at Katapangan
    b. Kakayahan at Katalinuhan
    c. Limitations and Boundaries

6. Ang mga leaders ay dapat mahuhusay na teachers, trainors at may kakayahang mag-equip ng future leaders.
    a. True
    b. False

7. Bakit kailangang mga tentmakers ang dini-disciple?
    a. Upang sila ay hindi maging burden sa iba
    b. Upang sila ay makapag-ambag ng malaki
    c. Upang sila ay maging lakas ng iglesya

8. Ang matatag na kingdom building enterprise ay binubuo ng mga matapat at experiensadon disciplemakers.
    a. True
    b. False
    c. Maybe

9. Maaari tayong maging kabahagi ng isang gawaing pang mission sa pamamagitan ng?
    a. Prayer

b. Giving
c. Promoting
d. All of the above

10. Ang isang believer, na bagong graduate sa high school, na hindi pa desidido kung anong kurso ang kukunin sa kolehiyo ay dapat na ____________________.
    a. Mag bible school muna.
    b. Mag chill-out muna.
    c. Maglaro na lang muna ng computer games.

11. Ang mundo at ang sistema nito ay _________________.
    a. Kaaya-aya sa mga young people ng Diyos.
    b. Mabigat na kalaban ng mga young people ng Diyos.
    c. Makakatulong sa desisyon making ng mga young people ng Diyos.

12. Ang mga young people ng Diyos ay kinakailangang lumago muna sa _____________.
    a. Wisdom
    b. Discernment
    c. Both a & b

13. Kung ang isang believer na may matatag na trabaho ay feel-na-feel na siya ay may calling sa Gawain, dapat siyang mag-resign agad sa trabaho niya.
    a. True
    b. False

14. Ang ating mission field ay _______________.
    a. Kung saan tayo papuntahin ng ating pastor.
    b. Kung saang lugar mas convenient sa atin.
    c. Sa buong mundo.

15. Magsimula tayong maglingkod sa Diyos sa ating _______________________.
    a. Tahanan
    b. Workplace
    c. Neighborhood
    d. Mga kaibigan
    e. All of the above

## II. Short Essay (250 words or more)

Gumawa ng 3-minute testimony gamit ang pattern na iyong natutuhan.

***Note:***

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*

© Revised: March 14, 2020 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.